WCB FACTS 2024

OPSYONAL NA COVERAGE PARA SA MGA MAY-ARI NG NEGOSYO

Karamihan sa mga manggagawa sa Manitoba ay may coverage na kompensasyon sa mga manggagawa upang masiguro na, kung sila ay nasugatan o nagkasakit dahil sa kanilang trabaho, matatanggap nila ang mga benepisyo at serbisyo na kailangan nila habang sila ay nagpapagaling at matutulungan para mabalik sa dati ang kalagayan ng kalusugan at makabalik sa trabaho sa ligtas na paraan sa lalong madaling panahon.

Bilang isang may-ari ng negosyo, ikaw ay hindi sakop para sa iyong sariling mga pagkapinsala sa lugar ng trabaho o mga pagkakasakit maliban kung pinili mong bilhin ang opsyonal na corverage (dating tinatawag na personal na coverage) mula sa Workers Compensation Board of Manitoba (WCB).

Bumili ka man o hindi ng opsyonal na coverage para sa iyong sarili, kung kumuha ka ng mga manggagawa na sakop ng WCB, ikaw ay protektado mula sa legal na aksyon na tungkol sa isang tinanggap na claim para sa pinsala o sakit na nangyari sa Manitoba.

Ano ang opsyonal na coverage?

Ang opsyonal na coverage ay boluntaryong insurance para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa na magagamit ng mga sole proprietor, mga kasosyo sa negosyo, mga direktor ng korporasyon, o mga self-employed o nagtatrabaho sa sarili na indibidwal (gaya ng tinukoy ng WCB).

Sa anong mga benepisyo ako karapat-dapat?

Ikaw ay nagiging karapat-dapat sa opsyonal coverage para sa parehong mga benepisyo at serbisyo tulad ng iba pang mga manggagawa na nakaranas ng pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho. Maaaring kasama sa mga umaasa ang:

- pagbabayad ng mga nauugnay na medikal na gastos
- mga gastusin sa pagbiyahe
- mga benepisyo para sa nawalang sahod
- mga pagkakaloob sa permanenteng pagkaimbalido
- bokasyonal na rehabilitasyon
- mga benepisyo para sa mga umasa kung nakakamatay ang isang pinsala.

Paano ako mag-a-apply o paano ko malalaman kung karapat-dapat akong bumili ng opsyonal na coverage?

Upang makakuha ng opsyonal na coverage para sa iyong sarili, kailangan mong patunayan na ikaw ay nagpapatakbo ng isang negosyo. Titiyakin ito ng WCB sa pamamagitan ng isang pagsubok para sa negosyo.

Ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring makipag-ugnayan sa Assessment Services ng WCB sa 204-954-4505 o nang walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321, ext. 4505 at kami ay tutulong sa iyong matiyak ang iyong pagiging karapat-dapat.

Maaari mo ring gamitin ang aming online na sistema ng Kahilingan sa Pagpaparehistro ng Employer na available sa pamamagitan ng website ng WCB sa www.wcb.mb.ca sa Mga Serbisyo sa Online.

Kung wala ka pang account sa WCB para sa coverage ng mga manggagawa, kakailanganin mong ibigay ang pangalan at nagpapatakbong pangalan ng iyong negosyo, kumpletuhin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at paglalarawan ng mga aktibidad ng negosyo.

Magkano ang gastos sa opsyonal na coverage?

Ang premium rate ay pareho para sa opsyonal na coverage gaya ng para sa mga manggagawa. Magkakaiba ang rate depende sa klasipikasyon para sa trabaho na kinabibilangan mo at ang iyong mga nakaraang naging karanasan na nagastos sa claim.

Ang bawat industriya ay may klasipikasyon at rate sa industriya na itinalaga ng WCB. Ang halaga ng opsyonal na coverage ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagmumultiplika ng singil ng industriya sa halaga ng coverage na iyong binili at pagkatapos ay hahatiin sa 100.

Halimbawa, kung ang iyong industry rate ay $1.25 at ikaw ay bumili ng $30,000 na coverage, ang iyong halaga ng opsyonal na coverage ay $375. Sasabihin namin sa iyo ang iyong rate ng industriya kapag tumawag ka upang magparehistro.

Magkano ang coverage ang dapat kong bilhin?

Bawat taon, ang WCB ay nagtatakda ng isang pinakamababa at pinakamataas na halaga ng opsyonal na coverage na mabibili mo. Para sa 2024, ang pinakamababa ay $28,960 at ang pinakamataas ay $160,510.

Sa pagpili ng angkop na halaga ng coverage, dapat mong isaalang-alang ang antas ng iyong kita at ang iyong iba pang mga mapagkukunan ng coverage. Ang pagbili ng masyadong maliit na coverage ay maaaring mangahulugan na ang iyong mga benepisyo ay hindi magiging sapat. Sa kabilang banda, ang pagbili ng mas maraming coverage kaysa sa iyong kailangan at kayang mapatunayan ay maaaring magdulot sa iyo na magbayad ng mas mataas na mga premium kaysa sa kinakailangan. Bago ka gumawa ng desisyon, marahil gugustuhin mong sumangguni sa iyong pinansiyal na tagapayo o pribadong insurance carrier.

Ano ang mangyayari kung bibili ako ng pinakamababang antas ng coverage?

Kung bibili ka ng pinakamababang antas ng coverage at hindi mo nagagawang makibahagi sa araw-araw na operasyon ng negosyo dahil sa isang pagkapinsala o pagkakasakit na may kaugnayan sa trabaho, ikaw ay may karapatan sa mga benepisyo para sa nawalang sahod batay sa minimum na antas; sa karamihan sa mga sitwasyon, ang iyong mga kinikita ay hindi kakailanganing patunayan.

Ano ang mangyayari kung bibili ako ng higit sa pinakamababang antas ng coverage?

Kung bibili ka ng higit pa sa pinakamababang antas ng coverage, maaari mong piliin na patunayan ang iyong mga kita kapag ikaw ay bibili/magre-renew ng coverage, o maaari mong piliin na patunayan ang iyong mga kita kapag naghain ka ng claim para sa mga benepisyo para sa nawalang sahod.

Mangyaring tandaan na, kung pipiliin mong hindi patunayan ang iyong mga kita sa oras ng pagbili/pag-renew, at mayroon kang pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho ang iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod ay nakabatay sa pinakamababang antas ng coverage. Ang halagang ito ay babaguhin sa sandaling maberipika ng WCB ang mas mataas na antas ng kita.

Kung magpasya kang patunayan ang iyong mga kita sa panahon ng pagbili/pag-renew, ang napantunayang antas ng kita ay mananatiling may bisa para sa kasalukuyan at sa susunod na taon.

Paano ko papatunayan ang aking kita?

Para patunayan ang iyong mga kita, sinusuri ng WCB ang iyong mga income tax return at mga sumusuportang dokumento mula sa nakaraang isa hanggang dalawang taon. Maaaring makuha ng WCB ang impormasyong ito mula sa Canada Revenue Agency (CRA) o iba pang hiwalay na mapagkukunan tulad ng Chartered Professional Accountant o ang naghahanda ng buwis. May mga

kalagayan, na maaaring mangailangan ang WCB ng mga karagdagang dokumento upang patunayan ang iyong mga kita.

Para patunayan ang mga kita para sa mga direktor na may 50% o higit pa na pagmamay-ari sa isang korporasyon, idinagdag ng WCB ang porsyento ng shareholding ng direktor sa net business income at pagbaba ng halaga/amortisasyon sa iyong iniulat na T4 na kita.

Para patunayan ang mga kita para sa mga direktor na may mas mababa sa 50% na pagmamay-ari sa isang korporasyon, isinasaalang-alang lamang ng WCB ang iniulat na T4 na kita.

Para patunayan ang kita para sa mga sole proprietor at kasosyo, idinaragdag muli ng WCB ang mga ibinabawas na kinuha para sa mga gastos sa allowance sa capital cost at pang-negosyong paggamit ng bahay sa iyong iniulat na net business income.

Halimbawa, kung ikaw ang sole proprietor ng negosyo at ang iyong income tax return ay nakapagtala ng net business income na $25,000, isang pagbabawas ng capital cost allowance na $4,000 at isang pagbabawas para sa pang-negosyong paggamit ng bahay na $1,000, papatunayan ng WCB ang iyong mga kita sa $30,000.

Kailan nagkakabisa ang aking opsyonal na coverage?

Ang iyong coverage ay magkakabisa kapag tinanggap ang iyong application at awtomatikong ire-renew tuwing Enero 1 ng bawat taon sa parehong antas ng coverage na nag-apply ka. Gayunpaman, kung bumili ka ng pinakamababang antas ng coverage, ang iyong coverage para sa susunod na taon ay mare-renew sa bagong pinakamababang antas ng coverage. Halimbawa, kung ikaw ay bumili ng pinakamababang antas ng coverage para sa 2023 ($27,670), kapag ang coverage mo ay na-renew ng Enero 1, 2024, ang iyong antas ng coverage ay tataas sa bagong 2024 na pinakamababang antas na $28,960.

Kung pipiliin mong kanselahin ang iyong coverage o babaguhin ang antas ng coverage na mayroon ka, kinakailangan mong ipaalam sa WCB sa Disyembre 31 ng bawat taon.

Gaano katagal mananatiling may bisa ang coverage?

Mananatiling epektibo ang opsyonal na coverage hanggang sa kanselahin mo ang coverage o hanggang sa kanselahin ng WCB ang coverage dahil hindi ka sumunod sa mga pangangailangan sa pag-uulat at pagbabayad ng WCB.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay napinsala?

Kailangang mong magpaggamot sa lalong madaling panahon at i-ulat ang iyong pinsala o sakit sa WCB. Siguraduhing sasabihin sa iyong doktor na ang iyong pinsala o pagkakasakit ay may kaugnayan sa trabaho.

May ilang mga paraan na maaari mong i-ulat ang iyong pinsala.

1. I-ulat ang iyong pinsala sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa Claims Service Centre ng WCB mula 8:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa 204-954-4321 o walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321.
2. Kumpletuhin ang isang online na Worker Incident Report form sa website ng WCB https://www.wcb.mb.ca
3. Kumpletuhin ang nasa papel na bersyon ng Worker Incident Report at ipadala sa koreo o dalhin ito sa WCB sa
   Workers Compensation Board of Manitoba
   333 Broadway
   Winnipeg, MB R3C 4W3

Paano mapagpapasyahan ng WCB ang aking mga benepisyo para sa nawalang sahod kung ako ay mapinsala?

Kung bumili ka ng pinakamababang antas ng coverage, ang iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod ay ibabatay sa minimum na antas ng coverage na $28,960. Kung bumili ka ng higit sa pinakamababang coverage at hindi mo mapatunayan ang iyong mga kinita nang ikaw ay bumili o nag-renew ng iyong coverage, ang iyong mga kinita na hindi bawas ang buwis ay paunang ibabatay sa pinakamababang antas ng coverage. Sa sandaling napatunayan, ang mga benepisyo para sa nawalang sahod ay muling kakalkulahin at aayusin nang retroactive sa petsa ng iyong pinsala o sakit.

Pinagpapasyahan ng WCB ang iyong mga kinita nang hindi nababawasan ng buwis batay sa mas mababa sa:

(1) Ang antas ng coverage na iyong binili, o
(2) Ang halaga ng kita na kayang beripikahin ng WCB na kinita mo sa mga nakaraang taon.

Kung ang iyong pinatunayang mga kinita ay mas mababa kaysa pinakamababang antas ng coverage, ang iyong mga kinita na hindi nabawasan ng buwis ay mababatay sa minimum. Ang pagkakalkula ng halaga ng benepisyo sa kawalan ng sahod ay batay sa ilang mga factor, kasama ang iyong mga kinita tulad nang naitatag ng WCB, ang mga kakayahan sa trabaho at posibleng mga ibabawas na halaga ay ipapataw ng CRA. Para sa mas

detalyadong impormasyon mangyaring sumangguni sa Facts sheet na may pamagat na Pagkakalkula ng Mga Benepisyo para sa Nawalang Sahod.

Tandaan: Kung ang naberipikang halaga ng kita ay mas mababa kaysa sa antas ng coverage na iyong binili noong nag-file at tumanggap ng claim para sa mga benepisyo para sa nawalang sahod o pagkamatay, maaari mong hilingin sa WCB na ibalik sa iyo ang halagang labis mula sa binayaran mong premium para sa hiniling na antas ng coverage dahil ang babayaran mo lang na batay sa naberipikang mas mababang kitang halaga ay minimum na premium na halaga.

Ang kakahayan ko bang makibahagi sa aking negosyo pagkaraan ng aking pagpinsala o pagkakasakit ay makakabawas sa aking mga benepisyo para sa nawalang sahod?

Oo. Kung ang iyong mga limitasyong pangmedikal ay nakakaapekto sa iyong kakayahan na makibahagi sa iyong negosyo, magkakaroon ng talakayan sa pagitan mo at ng adjudicator (huwes) o tagapamahala ng kaso para matukopy ang porsiyento ng mga aktibidad ng negosyo na magagawa mo at paano maaapektuhan ng alinmang limitasyon ang iyong kawalan ng kakayahan na kumita.

Halimbawa, kung ang iyong pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho ay nagpapahintulot sa iyong magawa ang 40% lang ng iyong mga gawain ng iyong negosyo, gagamitin ng WCB ang porsiyentong ito para maipakita ang epekto nito sa iyong kakayahan na kumita. kung ang iyong napatunayang average na mga kinita ay naitatag sa halagang $30,000 at kaya mong gumawa ng 40% ng mga aktibidad mo sa iyong negosyo, ang iyong kawalan ng kakayahan na kumita ay mababatay sa 60% na $30,000, na katumbas ng $18,000.

Paano tinutukoy ang mga benepisyo para sa nawalang sahod, at gaano ako karapat-dapat kung ako ay napinsala o nagkasakit?

Ang natanggap mo sa mga benepisyo para sa nawalang sahod ay nakasalalay sa ilang mga kadahilanan:

- ang iyong kawalan ng kakayahan na kumita, batay sa mga limitasyong pangmedikal at ang mga epekto nito sa iyong kakayahan na makibahagi sa iyong negosyo
- ang pinakamababang antas ng opsyonal na coverage $28,960 sa 2024)
- ang antas ng opsyonal na coverage na iyong binili
- ang iyong mga pinatunayang kita

- anumang mga benepisyo para sa kapalit ng sahod na natanggap mo para sa parehong pinsala o sakit, na kilala bilang mga kolateral na benepisyo, ay maaaring magbawas sa iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod ng WCB.

Ang personal at propesyonal na mga sitwasyon ng bawat indibiduwal ay nag-iiba iba at nakaka-impluwensya sa kanilang aktuwal na mga benepisyo para sa nawalang sahod. Ang WCB ay gumagamit ng pagkalkula sa iyong net na kita upang mapagpasyahan ang iyong rate ng benepisyo ng nawalang sahod. Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng tinatayang halaga lamang ng mga benepisyo para sa nawalang sahod.

Mga antas ng opsyonal na coverage na pinakamadalas bilhin	**Tinatayang mga benepisyo para sa nawalang sahod tuwing makawalang linggo sa 90% ng net ng kita*** (kinakalkula para sa iisang tao, na nag-claim lamang para sa personal na tax credit)
$28,960 (pinakamababang antas ng coverage)	$880
$30,000	$908
$40,000	$1,055
$50,000	$1,286
$60,000	$1,498
$70,000	$1,709
$80,000	$1,949
$90,000	$2,162
$ 100,000	$2,365

*kung ang iyong net na kita ay mas mababa o katumbas ng minimum na taunang kita, ang iyong rate ng benepisyo ay 100% na net ng kita

Isinasaalang-alang ng lahat ng pagkalkula na ang mga may-ari ng negosyo ay hindi kinakailangang magbayad ng Employment Insurance (EI) at kaya ang mga posibleng EI premium ay hindi isinama sa mga pagkalkulang nabanggit sa itaas.

Mangyaring tandaan: Ang mga benepisyo para sa nawalang sahod para sa mga may-ari ng negosyo ay batay sa sariling kakayahan ng may-ari na magpatuloy sa pagpapatakbo ng negosyo. Ang halagang nasa itaas ay batay sa hindi kayang gawin na mga tungkulin ng may-ari ng negosyo na kanilang ginawa bago ang pinsala o sakit. Kung ang may-ari ng negosyo ay may kaunting panahon pa rin para gawin ang kanilang mga tungkulin bago pa man sila mapinsala, ang antas ng mga benepisyo para sa nawalang sahod na matatanggap nila ay mababawasan nang naaayon.

Kung nakatanggap ka ng mga benepisyo mula sa ibang tagapagbigay ng seguro para sa gayunding pinsala o karamdaman, ang mga pagbabayad na ito ay maaaring ituring na collateral na mga benepisyo at maaaring mabawasan ang iyong mga benepisyo para sa nawalang sahod mula sa WCB.

Kung ikaw ay may edad na 61 taong gulang o mas matanda pa sa panahon nang mangyari ang pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho, ang mga benepisyo para sa nawalang sahod ay hindi babayaran nang mahigit sa 48 buwan makalipas ang petsa ng pinsala.

Kailan gagawing aktibo ang aking opsyonal na coverage?

Ang iyong coverage ay magkakabisa kapag tinanggap ang iyong application at awtomatikong ire-renew tuwing Enero 1 ng bawat taon sa parehong antas ng coverage na nag-apply ka. Gayunpaman, kung bumili ka ng pinakamababang antas ng coverage, ang iyong coverage para sa susunod na taon ay mare-renew sa bagong pinakamababang antas ng coverage. Halimbawa, kung ikaw ay bumili ng pinakamababang antas ng coverage para sa 2023 ($27,670), kapag ang coverage mo ay na-renew ng Enero 1, 2024, ang iyong antas ng coverage ay tataas sa bagong 2024 na pinakamababang antas na $28,960.

Kung pipiliin mong kanselahin ang iyong coverage o babaguhin ang antas ng coverage na mayroon ka, kinakailangan mong ipaalam sa WCB sa Disyembre 31 ng bawat taon.

Gaano katagal mananatiling may bisa ang coverage?

Mananatiling epektibo ang opsyonal na coverage hanggang sa kanselahin mo ang coverage o hanggang sa kanselahin ng WCB ang coverage dahil hindi ka sumunod sa mga pangangailangan sa pag-uulat at pagbabayad ng WCB.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay napinsala?

Kailangang mong magpaggamot sa lalong madaling panahon at i-ulat ang iyong pinsala o sakit sa WCB. Siguraduhing sasabihin sa iyong doktor na ang iyong pinsala o pagkakasakit ay may kaugnayan sa trabaho.

May ilang mga paraan na maaari mong i-ulat ang iyong pinsala.

1. I-ulat ang iyong pinsala sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa Claims Service Centre ng WCB mula 8:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa 204-954-4321 o walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321.
2. Kumpletuhin ang isang online na Worker Incident Report form sa website ng WCB https://www.wcb.mb.ca

3. Kumpletuhin ang nasa papel na bersyon ng Worker Incident Report at ipadala sa koreo o dalhin ito sa WCB sa
   Workers Compensation Board of Manitoba
   333 Broadway
   Winnipeg, MB R3C 4W3

Kanino ako makikipag-ugnayan para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkalkula o pagbabayad ng mga benepisyo?

Kung mayroon kang mga tanong hinggil sa pagkalkula o pagbabayad ng mga benepisyo para sa nawalang sahod o pagpapatotoo sa mga kinita, mangyaring tumawag sa aming Claims Service Centre sa 204-954-4321 o nang walang bayad sa 1-855-954-4321 at hilinging makausap ang isang payment assessor. Maaari ka ring sumulat sa amin sa:

Workers Compensation Board of Manitoba
Compensation Services
Atensyon: Payments Department
333 Broadway, Winnipeg, Manitoba R3C 4W3

Kung mayroon kang mga tanong hinggil sa pagbili ng opsyonal na coverage, mangyaring tumawag sa Assessment Services sa 204-954-4505 o walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321, ext. 4505 o magpadala ng email sa assessmentservices@wcb.mb.ca. Maaari kang magpadla ng fax sa 204-954-4900 o walang bayad sa Canada at sa United States sa 1-866-245-0796 o maaari kang sumulat sa amin sa:

Workers Compensation Board of Manitoba
Assessment Services
333 Broadway
Winnipeg, Manitoba R3C 4W3

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.